Kaligtasan ng Bakuna sa COVID-19: Ano ang Dapat Malaman

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

Ligtas ang mga bakuna

Pinakamatindi sa kasaysayan ng U.S. ang ginawang pagsubaybay sa kaligtasan ng mga bakuna sa COVID-19 na mayroon tayo sa Estados Unidos[1]. Ginawa, sinuri, at inawtorisa ang mga ito gamit ang masinsinang prosesong ginamit din para sa iba pang matatagumpay na bakuna. Ang lahat ng bakuna ay ganap na aprubado o awtorisado para magamit sa panahon ng emergency ng Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) ng U.S.—ibig sabihin, walang nakita ang FDA na malubhang alalahanin sa kalusugan kaugnay ng mga ito. Sinuri din ng mga independiyenteng eksperto ang mga pag-aaral at wala silang nakitang dapat ipag-alala. Nakapasa rin ang mga bakunang ito sa hiwalay na pagsusuri ng mga medikal na eksperto sa Scientific Safety Review Workgroup (Grupo sa Paggawa ng Siyentipikong Pagsusuri ng Kaligtasan), bilang bahagi ng Western States Pact (Kasunduan ng mga Estado sa Kanluran) (English lang). Tingnan ang aming Mga Madalas Itanong para sa higit pang impormasyon.

Patuloy na sinusubaybayan ang mga bakuna kung ligtas at mabisa ang mga ito habang ginagamit ng publiko. Maraming sistemang ginagamit ang Estados Unidos para tumukoy ng mga problema sa kaligtasan at matuklasan agad ang mga ito kung mayroon man. Upang matiyak na ligtas ang mga bakuna sa COVID-19, pinalawak at pinalakas ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang kakayahan ng bansa na subaybayan ang kaligtasan ng bakuna. Bilang resulta, masusubaybayan at matutukoy ng mga eksperto sa kaligtasan ng bakuna ang mga problemang maaaring hindi nakita sa mga klinikal na pagsubok ng bakuna sa COVID-19.

Ligtas at mabisa rin ang bakuna para sa mga bata, buntis, at sa mga taong may mga umiiral nang kondisyon sa kalusugan. Habang mas marami pang tao ang nagpapabakuna, patuloy tayong makakakuha ng mas marami pang datos tungkol sa kaligtasan at mga side effect. Ipinapakita sa mga datos na ligtas ang mga bakuna sa COVID-19, at bihira lang ang malalalang side effect.

Gumagana ang mga bakuna

Mapoprotektahan ka ng mga bakuna sa COVID-19 sa maraming paraan. Ganap na mabisa ang mga ito para makaiwas sa COVID-19. Kung magkaroon ka man ng COVID-19, makakatulong ang mga bakuna para lubos na mapababa ang tsansang magkasakit ka nang malubha; kapag nakumpleto mo ang serye ng bakuna, bababa ang tsansang maospital ka at ang panganib na mamatay dahil sa COVID-19. Maaaring nakakita ka ng impormasyong nagpapahiwatig na mas mahusay ang ilang bakuna kaysa sa iba, gayunpaman, ipinakita sa mga klinikal na pagsubok na ganap na mabisa ang lahat ng magagamit na bakuna para makaiwas sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga klinikal na pagsubok sa iba-ibang bakuna sa COVID-19, pumunta sa aming page na COVID-19 Vaccine Safety and Effectiveness (Kaligtasan at Bisa ng Bakuna sa COVID-19) | Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington).

Ipinakita sa mga pag-aaral na mabisa ang bawat bakuna nang hindi bababa sa 85 porsiyento para hindi malubhang magkasakit ng COVID-19. Nakatulong din ang mga bakuna para hindi magkaroon ng anumang sintomas ng COVID-19 ang maraming tao:

- Moderna, 94%
- Pfizer-BioNTech, 95%
- Johnson & Johnson (Janssen), 74%
- Novavax, 90.4%

[1] Centers for Disease Control and Prevention, “Safety of COVID-19 Vaccines (Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19)”. Marso 25, 2021, available online sa: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/safety-of-vaccines.html.

Normal lang ang mga side effect

Hindi ka magkaka-COVID-19 nang dahil sa bakuna. Gayunpaman, tulad ng sa ibang bakuna, maaari kang makaramdam ng ilang side effect na puwedeng hindi gaya ng sa ibang tao. Ang ilan ay nababalisa lang nang kaunti o hindi talaga nababalisa, habang ang iba naman ay maaaring makaranas ng side effect na nakakasagabal sa kanilang mga pang-araw-araw na gawain. Ang mga side effect ay mga palatandaan na gumagana ang bakuna. Para sa mga bakunang may dalawang dosis, maaaring mas malala ang mga side effect pagkatapos ng ikalawang turok. Kung maaari, bigyan ang iyong sarili ng panahon para magpahinga at makabawi sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos magpaturok. Kadalasan, nawawala na ang mga side effect pagkaraan ng ilang araw. Kahit na wala kang maranasang side effect, bumubuo pa rin ang iyong katawan ng proteksiyon laban sa COVID-19 virus. Para sa mga bakuna sa COVID-19 na kailangan ng dalawang dosis, tiyaking kukuha ka ng ikalawang dosis. Hindi ka pa ganap na protektado nang hanggang dalawang linggo pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.

Mga karaniwang side effect ayon sa hanay ng edad

6 buwan – 3 taon	4–17 taon	Mga taong nasa hustong gulang na edad 18 taon pataas
Maaaring kasama sa mga karaniwang side effect ang:	Mga side effect na mas karaniwan pagkatapos ng ikalawang dosis:	Maaaring kasama sa mga karaniwang side effect ang:
Pananakit ng binti o braso sa bahaging tinurukan	Pananakit, pamamaga, at pamumula sa bahaging tinurukan	Pananakit, pamamaga, at pamumula sa bahaging tinurukan
Namamagang kulani	Pagkapagod	Pagkapagod
Pagkairitable o pag-iyak	Pananakit ng ulo	Pananakit ng ulo
Pagkaantok	Pananakit ng kalamnan o kasukasuan	Pananakit ng kalamnan
Kawalan ng ganang kumain	Panginginig	Panginginig at/o lagnat
	Namamagang kulani	Pagduruwal

Mga palatandaan ng allergic reaction

Napakabihira na magkaroon ng allergic reaction sa bakuna, ngunit maaari pa rin itong mangyari. Babantayan ka ng klinika nang hindi bababa sa 15 minuto pagkatapos magpabakuna sakaling magkaroon ka ng allergic reaction. Sinanay sila para makatugon at malaman kung paano ka tutulungan.

Kung magkaroon ka man ng allergic reaction pagkaalis sa klinika, tumawag sa 911. Kasama sa mga palatandaan ng allergic reaction ang: problema sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na tibok ng puso, malalang pamamantal sa buong katawan, pagkahilo, at panghihina.

Tulungan kaming magbantay para sa anumang alalahanin sa kaligtasan

Mag-sign up para sa V-safe upang maiulat ang anumang side effect: vsafe.cdc.gov. Makakatulong sa amin ang iyong pakikisali para mapanatiling ligtas ang mga bakuna para sa lahat.

Maaaring ikaw o ang provider mo ng bakuna ang mag-ulat ng malalang side effect sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS, Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Epekto ng Bakuna). Ginagamit ng FDA, Centers for Disease Control and Prevention (CDC), at Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) ang VAERS para bantayan ang trend o posibleng problema.

Maaari kang magsumite ng ulat sa vaers.hhs.gov. Alamin pa kung paano gumagana ang VAERS at ang iba pang sistema ng pagsubaybay sa kaligtasan sa www.doh.wa.gov/immunization/vaccinesafety.

Nakilahok sa mga pagsubok ang mga taong may iba't ibang lahi at etnisidad

Sinuri ng mga siyentipiko ang bawat bakuna sa libo-libong tao.

Ang mga kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna ng ***Moderna*** (US) [2] ay:



Ang mga kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna ng ***Pfizer-BioNTech*** (US) [3] ay:



Ang mga kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna ng ***Johnson & Johnson*** (Pandaigdigan)[4] ay:



Ang mga kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna ng ***Novavax*** (US) [5] ay:



[2] Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Moderna COVID-19 Vaccine", Pulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa mga Bakuna at Kaugnay na Produktong Biyolohikal). Disyembre 17, 2020, available online sa: https://www.fda.gov/media/144434/download.

[3] Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine", Pulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee. Disyembre 10, 2020, available online sa: https://www.fda.gov/media/144245/download.

[4] Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Janssen Ad26.COV2.S Vaccine for the Prevention of COVID-19", Pulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee. Pebrero 26, 2021, available online sa: https://www.fda.gov/media/146217/download.

[5] Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Novavax COVID-19 Vaccine", Pulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee. Hunyo 7, 2022, available online sa: https://www.fda.gov/media/158912/download.

[*] Ang AIAN/NHOPI ang kumakatawan sa pinagsama-samang datos para sa mga kalahok sa pagsubok na American Indian, Katutubo ng Alaska at Katutubo ng Hawaii, Iba pang Pacific Islander.

Kausapin ang pinagkakatiwalaan mong provider ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa klinika kung may alalahanin ka tungkol sa pagpapabakuna

Mga Allergy

- Inirerekomenda ng CDC ang bakuna para sa sinumang hindi allergic sa anumang sangkap ng bakuna. Ang mga bakuna ay walang karaniwang allergen na tulad ng makikita sa pagkain, kaya hindi dapat mag-alala para sa karamihan ng iba pang allergy kapag nagpapabakuna laban sa COVID-19.
- Madalas na ipinagpapalagay na ang mga allergic reaction sa mga bakuna sa COVID-19 ay sanhi ng mga tabang nasa bakuna, na tinatawag na polyethylene glycol (PEG) at polysorbate.
- Tulad ng ibang bakuna, ang mga bakuna ay may lamang taba, asin, at asukal na tumutulong para gumana ang mga ito nang mas mabisa sa katawan. Ang lahat ng sangkap ay ligtas at kailangan para magkasilbi ang bakuna.
- Walang halong itlog, latex, at preservative ang mga bakuna. Hindi pinalalago ang mga bakuna sa mga itlog.

Etika

Ang mga sangkap ng bakuna sa COVID-19 ay ligtas at kailangan para magkasilbi ang mga bakuna. Ang isang piraso ng bakuna ng Johnson & Johnson ay ginawa sa loob ng mga kopya ng cell na pinalago sa laboratoryo, na orihinal na nanggaling sa mga elektibong pagpapalaglag na isinagawa mahigit 35 taon na ang nakakalipas. Sa ganitong paraan din ginawa ang maraming iba pang bakuna, kasama na ang para sa bulutong, rubella, at hepatitis A. Wala sa mga bakuna ang may lamang cell ng tao (kasama na ang cell ng fetus), COVID-19 virus, latex, preservative, o anumang by-product ng hayop, kasama na ang mga produkto ng baboy o gelatin. Hindi pinalalago ang mga bakuna sa mga itlog at walang produkto ng itlog ang mga ito.

Para sa mga bakuna ng Pfizer at Moderna, ang humigit-kumulang 30% ng mga kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna sa U.S. ay Itim, Katutubo, o iba pang taong may kulay, at ang humigit-kumulang sa kalahati ay mga nakakatandang nasa hustong gulang. Para sa bakuna ng Johnson & Johnson, hindi bababa sa 38% ng lahat ng kalahok sa mga pagsubok para sa bakuna ang kumikilala sa kanilang sarili bilang Itim, Katutubo, o iba pang taong may kulay, at ang humigit-kumulang sa kalahati ay mga nakakatandang nasa hustong gulang.

Mga medikal na kondisyon

- Ipinakita sa mga pag-aaral na ligtas at mabisa rin ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga taong may mga medikal na kondisyon. Dalawampu hanggang 45% ng mga kahalok sa bawat pagsubok ng bakuna ang may mga kondisyon tulad ng labis na katabaan, diyabetes, sakit sa puso, sakit sa atay, at HIV.
- Kahit na 90% ang bisa ng mga bakunang mayroon tayo laban sa karamihan ng variant ng virus, ipinapakita sa mga pag-aaral na hindi palaging nakakabuo ng malakas na immunity ang mga indibiduwal na katamtaman o malubhang immunocompromised. Inirerekomenda ang ikatlong karagdagang dosis, bago ang booster na dosis, para sa mga taong hindi nakabuo ng sapat na immunity mula sa seryeng may dalawang dosis.
- Inirerekomenda ng mga medikal na eksperto sa pagbubuntis at panganganak ang bakuna sa COVID-19 para sa mga taong buntis, nagpapasuso, o nagpaplanong magbuntis. Ayon sa mga datos, ligtas ang mga bakuna sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis. Sa katunayan, ipinapakita sa ilang pag-aaral na maaaring maipasa ng nabakunahang magulang ang mga antibody laban sa COVID-19 papunta sa kanyang sanggol sa pamamagitan ng pagbubuntis at pagpapasuso. Ang mga taong buntis ay nanganganib na magkasakit nang malubha dahil sa COVID-19, kasama na ang pagkamatay. Ang mga bakuna ay ang pinakamabisang proteksiyon.

Washington State Department of Health

DOH 348-799 October 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.